2.5 ANG DIYOS AY MAAARING MAKILALA NG PERSONAL

Napakahalagang bagay sa buhay Cristiano ang makilala ang Diyos ng personal. Ito ang sinasabi sa John 17:3, And this is eternal life, that they may know you, the only true God, and Jesus Christ whom you have sent. Binigyan ng definition ng Lord ang eternal life. Sinabi Niya, this is eternal life that they may know you, referring to His sheep and to His Father. Ito ang buhay na walang hanggan, na makilala ka ng Aking mga tupa. Kailangang bigyang pansin ang sinabing ito ni Cristo – makilala ang Diyos. Iyon ang Kanyang kalooban – ang makilala natin ang Diyos.

Time Out

- Ano ang kalooban ng Diyos para sa atin?

  _____

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Makikilala ko ang Diyos kung:
	Makikilala ko si Jesus kung:

PAG-ARALAN:

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

1. Juan 14:7
   Kung kilala n'yo Ako, kilala n'yo na rin ang Aking Ama. At ngayon nga ay nakilala at nakita n'yo na Siya. (Jesus talking)
2. Matteo 11:27
   Pagkatapos, sinabi Niya (Jesus) sa mga tao, *Ibinigay sa Akin ng Aking Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga taong nais ng Anak na makakilala sa Ama.*

3. Hebreo 1:3
   Sa Kanya (Jesus) makikita ang nagniningning na kadakilaan ng Diyos, at kung ano ang Diyos ay ganoon din Siya. Siya ang nag-iingat sa lahat ng bagay sa mundo sa pamamagitan ng makapangyarihan Niyang salita. Matapos Niya tayong linisin sa ating mga kasalanan, umupo siya sa kanan ng Makapangyarihang Diyos doon sa langit.
4. Juan 10:30
   Ako (Jesus) at ang Ama ay iisa.
5. Matteo 28:19
   Kaya't humayo kayo, gawin ninyong alagad Ko (Jesus) ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.
6. Lucas 3:21-22
   Nang mabautismuhan na ni Juan ang mga tao, binautismuhan din niya si Jesus. Habang nananalangin si Jesus, nabuksan ang langit at bumaba sa Kanya ang Espiritu Santo sa anyong kalapati. Isang tinig mula sa langit ang nagsabi, *Ikaw ang minamahal Kong*(Diyos Ama) *Anak; lubos Kitang kinalulugdan.*
7. Juan 14:26
   Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan Ko (Jesus), ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi Ko sa inyo.

- Ano-ano ang tatlong persona na nabanggit sa mga talata?

  _____

- Ano ang pagkakapareho at pagkakaiba ng tatlong persona na nabanggit sa mga talata?

  _____

PAG-USAPAN:

Nabanggit natin sa nakaraang lesson, na tinuturo ng Bibliya na si Cristo ang luningning o ang kinang at larawan ng hindi nakikitang Diyos. At tinuturo rin ng Bibliya at tinuro rin ng Panginoong Jesus ang tungkol sa Holy Trinity. There are three Persons in one God. Ibig sabihin, may tatlong persona ang nagtataglay ng mga transcendent at immanent attributes. Ang tatlong persona ay may iisang divine nature, iisang eternal power. Walang pinagkaiba ang katangian at kalikasan ng Ama sa Anak, ng Anak sa Banal na Espiritu at ng Banal na

Espiritu sa Ama, kaya masasabi natin na isa lang ang Diyos. Ang Diyos na may Tatlong Persona ay walang pinagkaiba subalit ang Ama ay hindi ang Anak, ang Anak ay hindi ang Ama, ang Ama ay hindi ang Banal na Espiritu at ang Banal na Espiritu ay hindi ang Ama o ang Anak. Subalit ang Ama ay Diyos, ang Anak ay Diyos at ang Banal na Espiritu ay Diyos.

Makikilala natin ng personal ang Diyos kung kikilalanin natin si Cristo. Hindi natin makikilala ang isang tao, kung hindi tayo maglalaan ng oras at panahon sa taong iyon. Kaya kung gusto nating makilala ang Diyos, kailangang kilalanin natin si Cristo sapagkat Siya lamang ang makapagdadala sa atin sa Ama. Siya lamang ang daan at ang tulay natin papunta sa Ama. Alalahanin natin ang sinabi ng Panginoong Jesus kina Tomas at Philip na, *Kung nakita niyo na Ako, nakita niyo na ang Ama at kung nakilala niyo na Ako, nakilala niyo na ang Ama*.

Kaya kung makikilala natin si Cristo, masasabi natin na nakilala natin ang Diyos. Sa ganoon, lumalago ang ating buhay na walang hanggan. Ang tinutukoy na eternal life natin rito ay hindi lamang patungkol sa haba ng panahon kundi ito ay may kinalaman sa kalidad ng ating buhay. Ang eternal life ay ang pagkakaroon ng true knowledge about who God is and all that He is kaya't kailangan nating maglaan ng oras at panahon sa Kanya.

Hindi nga nagtagal at binawian na ng buhay si Viny. Hindi man ipinagkaloob ng Diyos ang hiling ni Kim na gumaling si Viny, hindi rin naman nagbago ang kanyang pananampalataya sa Kanya. Sa halip, mas lalo pa niyang ninais na makilala ng malalim ang Diyos.

Paano makikilala ng husto ni Kim ang Diyos? Ano ang kanyang dapat gawin?

_____

_____

_____

Makikilala natin ang Diyos kung kikilalanin natin si Jesu Cristo. Makikilala natin si Cristo sa pamamagitan ng pag-aaral at pagbubulay-bulay ng Kanyang salita.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Ano ang magiging benepisyo sa iyong buhay kung kikilalanin mo ang Diyos Ama at si Jesus?

   _____

   _____

Natutuhan ko na	Makikilala ko ang Diyos kung:
	Makikilala ko si Jesus kung:

Verse of the Day:

Nakikita sa Anak ang kaluwalhatian ng Diyos. Kung ano ang Diyos ay gayundin ang Anak. Siya ang nag-iingat sa sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang salita. Pagkatapos Niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan, Siya'y umupo sa kanan ng Makapangyarihan doon sa langit. ***Mga Hebreo 1:3***